

Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church Nobyembre 2016



Visit [Ladies Prayer International on Facebook](#) and "like" our page!

Ang nagagawa ng *Protective Prayer*

By Connie Bernard



"Wag mo kalimutang tumawag". Bilang isang magulang, ugali na natin na palaging pinapaalalahanan ang ating mga anak na magsabi sila kung nasaan na sila. Lalo kung may maliit tayong mga anak, palagi natin silang hinahanap, o kaya naman kung tayo ay may ginagawa sa bahay, at biglang tumahimik ang paligid, siguradong hahanapin natin sila. Dahil nag-aalala tayo kung ano ang kanilang pinagkakaabalahan dahil baka sila ay mapano.

Bilang magulang, palagi nating pinapanalangin na ingatan sila ng Diyos. "*Hesus, ingatan mo po ang kanilang mga pangangatawan, na lumaki silang malusog, nawa po ay wag silang magkasakit, at ingatan mo po sila palagi*". Sa aking mga anak, kahit ngayong sila ay nasa sapat na edad na, palagi ko pa din silang pinapanalangin, kahit na noong wala pa kaming anak, ngunit may natutunan akong bagong paraan ng panalangin para sa proteksyon (protective prayer). Lahat tayo ay nananalangin para sa proteksyon nila, pro iba iba nga lamang at kadalasan ay sumasabay sa takbo ng buhay. Ayon sa. James 5:16, *Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid*" Kaya sa araw araw, panalangin ko na ako ay masumampungang matuwid ng ating Diyos, nais ko na siya ay aking maluwalhati sa aking buhay.

Araw araw dapat tayo ay mayroong pusong may pasasalamat at pagsisi, dahil sa pagsisi, tinatangap natin ang ating pagiging tao, na tayo ay maraming pagkukulang, at dahil dito tayo ay natutong magpakumbaba. Dinidinig ng Diyos ang pusong bagbag at may pagsisi. (awit 51:17) kung kaya tuwing tayo ay lalapit sa Diyos na may maayos na puso, tayo ay kanyang diringgin. Tayo ay malayang makakalapit sa trono ng kanyang biyaya. (Hebrews 4:16).

Noon, kapag si Brother Bernard ay umaalis patungong Eastern Europe, may mga araw noon na halos hindi ko siya nakakausap, Natutunan ko noon na manampalataya para sa kanyang kaligtasan. Palagi kong dalangin na ang proteksiyon ng Diyos ay palaging mapasaamin. Oo, me mga panalanging dapat natin unahin depende sa sitwasyon ngunit ang panalangin para sa proteksyon ng ating pamilya ang higit na mahalaga.

Kapatid, kayo ay aking papaalalahanan, Maaring pinapalaki natin ang ating mga anak na may takot at pagmamahal sa ating Diyos (Ephesians 6:4) subalit sila ay tumalikod pa din sa paglilingkod nila sa Panginoon. Sa panahong ganon, ang ating panalangin ang siyang gumagabay sa kanila. Minsan naisip siguro natin “ano ba ang nararapat na panalangin para sa kanya?”. Nakakalungkot man subalit wag tayong mawalan ng pag-asa para sa kanila. Kaylan man ang Siya ay tapat sa kanyang mga salita (Isaiah 55:11).

Sa pagtatapos, ako ay mananalangin para sa inyong mga anak at maari nyo rin itong ipanalangin kung kayo ay nasa parehas n sitwasyon.

“Diyos, Ingatan mo po ang aming anak. Magpadala ka ng anghel na siyang magbabantay sa kanya. Kapag siya ay natutulog sa gabi, ipapaalala mo sa kanya ang iyong kabutihan at awa. Hayaan mo na ito ay palagi nasa kanya. Hayaan mo po na maramdaman niya palagi ang inyong pagmamahal. Ingatan mo ang kanyang puso. Sa mga kabiguan, sa mga patibong ng kaaway. Palakasin mo po siya palagi. Alalahanin mo po ang dating kasigasigan niya sa gawain. At kapag siya ay nag-iisa sa kwarto at nag-iisip, hawakan mo ang kanyang isipan at ipapaalala mo po sa kanya na ikaw ay nariyan para sa kanya, na siya ay iyong minamahal, na ikaw ay palaging gumagabay sa kanya. Salamat din po Panginoon na ako ay mahal mo din, na ako ay palagi mo iniisip. Mahalaga sayo maliit man o malaking bagay sa buhay ko at sa kanya din. Alam kong diringgin mo ang aking panalangin ayon sa iyong kalooban. Ikaw ay dakila, at makapangyarihang hari. Salamat sa iyong mga kasagutan, Hesus”.

Kahit na dalawa, labindalawa, dalawampu, or kahit limampung taon na ang ating mga anak, tayo ay nag-aalala pa din sa kanila. Buti na lamang tayo ay marunong manalangin para sa kanila, at alam natin na tutugunin ng ating Panginoon ang ating Panalangin. Tunay na tapat ang ating Panginoon

Tala: Si Sis Bernard ay asawa ni Rev, David Bernard, UPCI General Superintendent. Sila ay madalas maimbitahan sa mga gawain sa buong mundo. Nangangaral din sila sa mga meeting at conferences. May mga apo sa tatlong anak nila,

Ang Panalangin natin ay hindi namamatay

By Miriam Sponsler



Now when He had taken the scroll, the four living creatures and the twenty-four elders fell down before the Lamb, each having a harp, and golden bowls full of incense, which are the prayers of the saints" (Revelation 5:8 NKJV).

Ang Panalangin natin ay di namamatay.

Ang Diyos natin ay tunay na dakila at tapat. Kahit na kung minsan para bang hindi siya tumutugon sa ating Panalangin. Minsan nagtatanong tayo, pinapakinggan ba talaga ng Diyos ang ating Panalangin? Lalo na kung ang panalangin ay para sa mga matitigas na puso, naguguluhan, nawawala.

Wag tayo matakot. Alam ng Diyos ang ating isipan, hangarin, ang iniiyak ng ating puso. Kapag tayo ay nanalangin ayon s kanyang kalooban, tayo ay kanyang papakinggan, nakikinig siya sa ating mga daing. Ang Diyos ay tunay na Tapat sa kanyang salita.

Nalalala ko pa noong bata ako, palagi ko naririnig ang aking ina na nanalangin para sa kaligtasan ng kanyang mga anak. Ako ang pinakabata sa pitong anak nila, laking Pentecostal ngunit ako lamang ang natirang naglilingkod sa kanya. Ngunit ganunpaman, patuloy pa din ang panalangin ng aming ina para sa mga kapatid ko.

Dahil ang panalangin ay di namamatay magpakaylan pa man. Ang tatay ko ay nabawtismuhan noong eighty-eight siya,. Ang kuya ko naman ay bumalik sa Diyos pagkaraan ng limang taon na tumalalikod at ngaayon ay Pastor na rin. Isang kuya ko din bumalik na pagkatapos ng sampung taon. Bumalik siya noong ang aming ina ay umuwi na sa Panginoon. Ang Diyos ay dakila at hindi siya sakop ng anumang panahon..

Sa Luke 18 ay may isang parabula, kung saan may isang balo na hindi tinigilan ang isang hurado kung kaya siya pinakinggan. Kung tayo ay nanalangin ng ayon s kalooban ng Diyos at taimtim na nanalangin sa kanya, siya ay tapat na papakinggan ang ating mga panalangin. Oo, sinusubok minsan ang ating pananampalataya ngunit ang kanyang katugunan ay dumarating.

Wag tayong sumukong manalangin sa mga anak natin na naliligaw ang landas sa paglilingkod sa Diyos, Ipanalangin natin sila. At manampalataya lamang tayo. Hindi man natin alam kung paano o kaylan ngunit ang

Diyos ay palaging nasa tamang oras at panahon. Ang panalangin natin ay di mamatay o nawawalan ng kabuluhan.

Tala: Si Miriam ay asawa ni Mike, na love of her life for forty-two years. Asawa siya ng evangelist's, pastor's wife at missionary's wife sa Argentina. May dalawang anak, at manugang, at dalawa ding apo.

Prayer Warrior

ni Linda Reading



Palagi kong naririnig ang salitang "prayer warrior" lalo na sa mga ina na nananalangin para sa kanilang mga anak. Ang isang *prayer warrior* ay isang tao na nanalangin para sa iba, ang ibang tao ay ito ang ministry, na kilala sa tawag na *intercessory prayer*.

Ako ay hindi nakapag-asawa, kaya wala din akong anak. Ngunit ako ay palaging nanalanangin para sa mga bata. Nagagalak ako kapag nakikita ko na sila ay naglilingkod sa Diyos. Si Hesus mismo ay nanalangin din para sa mga bata.

"Then were there brought unto him little children, that he should put his hands on them, and pray: and the disciples rebuked them. But Jesus said, Suffer little children, and forbid them not, to come unto me: for of such is the kingdom of heaven. And he laid his hands on them, and departed thence" (Matthew 19:13-15 KJV).

Ang mga pamangkin ko na ngayon ay ganap ng mga dalaga ay nakalakihan ng magsabi sa akin ng kanilang problema, kapag sila ay may mga dalahin alam nila na ako ay mananalangin para sa kanila. Hindi lamang isang beses ko nakita na nagpagaling, iningatan, at ginabayan sila ng Diyos sa tulong ng *intercessory prayer*.

Mayron din dati na isang batang lalaki na nakakausap ko habang hinihintay niya ang kanya sunda. Naalala ko pa na siya ay nagkukwento din sa akin ng kanyang mga alalahanin. Pinanalangin ko siya noon. Simpleng panalangin lamang iyon ngunit hindi niya nakalimutan hanggang sa nakasama na niya ang kanyang pamilya.

At noong siya ay nagbinata na ako ay kanyang naalala, kung kaya nagtanong tanong siya kung kanino upang makuha ang aking numero. Kailangan daw niya ng Panalangin kung kaya ako ay kanyang naalala. May problema din sya at alam daw niya na ipapanalangin ko siya. At ako nga ay nanalangin para sa kanya.

Palagi natin ipanalangin ang ating mga anak, pamangkin at mga anak ng ating mga kakilala. Mamagitan tayo sa kanila sa panalangin. Maging prayer warrior tayo para sa kanila.

Tala: S Sis Linda ay masaya sa kanyang ministry sa music, noong ang kanyang mga magulang ay nagpapastor sa Greenfield, Indiana. Lumipat siya sa Florida noong 2010 pagkatapos niyang magpagamot sa sakit non-Hodgkin lymphoma stage IV in 2008. Araw araw siyang nagpapasalamat sa kabutihan ng Diyos sa kanya.

Mula sa Mailbox

Ang pahayagang ito ay isang pagpapala. Binasa ko kaagad ito noong nataanggap ko ang email. Napakaganda noong artikulo ni Sister Bernard's article *Prayers of Protection*. Tatlo sa anak ko ay tumalikod sa Panginoon noong sila ay lumaki na. Pinapanalangin ko sila at ang kanilang pamilya. Thanks again. -Etoise N


Salamat po sa pahayagang ito. Ito ay kailangan ko sa ngayon. Dalangin ko ang aking mga anak. -Nadeen

Dear beloved, Salamat sa mga encouraging teachings! Napakaganda ng inyong mga testimonya kung ano ang bunga ng panalangin. -Sana ay mkatanggap din kami ng Swahili na kopya at English. Thank you, -Onserio.

Praise Report

May natanggap ako ng magandang balita mula sa Ladies' President sa Venezuela, Deisy Graterol at naisip ko din na ibahagi ito sa inyo God Bless, Kathy Crossley

"Pinanalangin namin ang isa namin Pastora na si Sis. Lina de Bracho. Marami daw kasi siyang tumor sa kanyang thyroid, at may and skin cancer pa sa kanyang ilong. Siya ay naoperahan at ang Diyos ay gumawa ng himala sa kanya. Nagulat ang Doctor sapagkat napakaraming tumor ang nakita sa kanya at maaring hindi muna siya makakapagsalita ng matagal na panahon. Pagkalipas ng isang linggo nagulat na doktor sapagkat siya ay nakakapagsalita na at wala nag bakas ng kanser at hindi na din kailangan ng chemotherapy! To God be the glory! Salamat sa inyong mga panalangin mga ladies ng United Pentecostal Church. May God continue to bless you."

 Like us on Facebook

View our videos on 

[Watch Ladies Prayer International 1-minute Video clip.](#)

Mula sa Editor

Maraming ginagawang mabuti ang Diyos ,



Debbie Akers

Ang Diyos ay patuloy na nagbubukas ng pinto, Ang pahayagang ito ay mayroon na ring English, Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italian at Norwegian. Ipanalangin po natin na magkaroon na rin tayo ng Polish, Serbian, Bulgarian at Japanese na taga translyet.

Kung nais nyong magkaroon ng mga iba't ibang transleasyon mula sa taas, maari lamang na mag request sa LadiesPrayerInternational@aol.com. Kami ay masayang magpadala ng kopya para sa inyo!

Ministry Links

[Ladies Prayer International](#)

[UPCI Ladies Ministries](#)

[More to Life Bible Studies](#)

[Today's Christian Girl](#)

[World Network of Prayer](#)

[UPCI](#)

[My Hope Radio](#)

[Multicultural Ministries](#)

[Ladies Prayer International on Facebook](#)



Sino kami? . . . Simula pa noong 1999: ang "Ladies Prayer Intl." ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan , upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

Ang aming misyon . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon , gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

Aming kailangan . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang kanilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

Tatlong dapat bigyang pansin sa pananalangin..

- Kaligtasan ng ating mga anak (Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
- Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (1 Juan 2:25-28; Santiago 1:25)
- Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38)



**Ministries we support...
TUPELO CHILDREN'S MANSION**

Children live in an environment with opportunity to grow spiritually, physically and emotionally.

NEW BEGINNINGS Maternity care for birthmothers considering adoption and child placement for adoptive couples.

HAVEN OF HOPE A program for girls ages 13-16 with behavioral and emotional issues.

LIGHTHOUSE RANCH for BOYS Healing broken and hurting lives of teen boys.



Do You Subscribe to Reflections Magazine?

This bi-monthly publication will bless and inspire you. Articles are biblical and relevant to today's apostolic lady. Subscribe for yourself, a friend, or order a bundle for your church.



Subscribe online!